Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



Si Haring David (Pangalawang Bahagi)

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Lazarus

Ibinagay nila: Ruth Klassen

Pamamatnugot ni: Abigail Blest Bantayan

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2012 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si David ay naging hari ng Juda, sa timog ng Palestina.

Ngunit tinaglay ng ibang Israelita na ang kanilang hari ay si Isboseth, na anak ni Saul.

Nagkaroon ng digmaan na nagtagal ng pitong taon. Ngunit si David naman ay lumakas ng lumakas.

Sa wakas, si haring
Isboseth ay
napatay ng
dalawa sa
kanilang mga
kawal.

Nang sa gayon, ang lahat ng tribo ng Israel ay pumunta kay David at siya'y pinahiran ng langis sa ulo bilang simbolo na siya na ang hari ng Israel.



Sa wakas, si David na ang hari ng buong bansa.



Ang unang ginawa ni haring David ay binihag niya ang buong Herusalem. Ito ay nakilala bilang siyudad ni David.



Iniayos niya ito upang maging matibay laban sa mga kaaway.



Mula Herusalem, ang mga kawal ni David ay sinakop ang Filisteo at iba pang kalaban ng Israel.





Sunod, pinakuha niya ang Arka ng Panginoon at dinala sa Herusalem.

Ang Arka ng Panginoon ay may laman ng kopya ng sampung utos at iba pang mga batas na ibinigay kay Moises ng Panginoon.



Ang Arka ay paalala sa mga Israelitas ng kabanalan ng Panginoon at ang pagsunod nila sa Kanyang utos.



Si David ay
nakipaglaban
sa maraming
digmaan nang
unang mga taon ng
kanyang paghahari.

Siya ay isang matalinong kawal at isang taong mababa ang loob, at siya'y dumadalangin para sa patnubay ng Panginoon.

Naguluhan si David na siya
ay naninirahan
sa magandang
tahanan,
habang ang
Arka ng
Panginoon
ay nasa
tolda
lamang.

Si David ay nagpasiya na gumawa ng templo. Sinabi ni Natan, ang propeta ng Diyos, na yumaon at gawin ang nais ng kanyang puso.

Nang gabing iyon, nagpadala ng mensahe ang Diyos kay David: "Ang aking alagad na si David, ang Panginoon ang gagawa ng tahanan para sa iyo.

Kung ang iyong pagsisilibi ay naganap na at ika'y makakapahinga ng tahimik na kasama ang iyong mga magulang, gagawin Ko ang iyong anak na lalaki na hari pagkatapos mo.

Siya ay
gagawa ng
tahanan para sa
Aking ngalan at walang hanggang
Ko itatayo ang kanyang kaharian."

Gusto ni David
na makatulong sa
mga natitirang
kamag-anak
ni Saul.

Ngunit isa lamang ang kanyang natagpuan, ang anak ni Jonathan na si Mepeboseth, na lumpo.

"Siya ay kakain sa
aking lamesa gaya
ng aking mga anak,"
sinabi ni David.

Mabait si David kay Mepeboseth sapagkat ang ama niyang si Jonathan ay ang kanyang matalik na kaibigan.

Hangga't may tiwala si
David sa Panginoon
at sinunod niya ito,
tinutulungan naman
siya ng Panginoon
na mabuhay ng
matiwasay.

Ngunit isang araw, may isang kadilimang nanyari sa buhay ni David.

Pinadala niya ang kanyang mga kawal para lumaban, habang siya ay nanatili sa Herusalem.

Isang gabi, hindi siya makatulog. Siya ay lumakad na parang namamasyal sa bubungan ng palasyo at nakatingin sa siyudad.

Natanaw ni David ang isang magandang babae na naliligo. Ang pangalan niya ay Batseba.



Si David
ay nagkasala kay
Batseba, bagama't
ang kanyang asawa ay
ang pinakamatapang
na kawal ng haring
si David.



Nang hindi nagtagal, sinabi ni Batseba kay David na siya ay buntis. Alam ni David na ang kanyang pagkasala ay lumikha pa ng iba't ibang suliranin.



Sa halip na magsisis
sa Diyos, sinubukan niyang
itago ang kanyang kasalanan.
Iyan ay hindi nagtagumpay.

Pinauwi niya si Uria na asawa ni Batseba, galing sa digmaan, umaasa na aariin ni Uria ang sanggol na nasa sinapupunan ni Batseba.

Sa ganon si David ay lalong gumawa ng masasamang bagay. Pinabalik niya si Uria sa digmaan na dala ang kanyang sulat.

Ang sulat ay nagbigay utos sa heneral na sisiguraduhing mamamatay si Uria sa labanan.

Nang si Uria ay namatay, kinuha ni David si Batseba at siya'y kanyang naging asawa.

Pinadala ng Panginoon ang kanyang alagad, si Natan, upang ipaalam ang kanyang kasalanan. Nagbigay ng kwento si Natan tungkol sa isang taong mayaman at isang taong mahirap.

Ang mayaman ay may maraming tupa.
Ngunit ang mahirap ay may isang
maliit na tupa,
na kanyang
inaalagaan
na parang
kanyang anak
na babae.

Nang may dumating na manlalakbay sa taong mayaman, hindi niya pinatay ang kanyang sariling tupa upang ihain sa manlalakbay. Sa halip, kinuha niya ang tupa

ng mahirap.

Nagalit si Haring David sa taong mayaman dahil sa kanyang kadamutan. Siya'y sumigaw, "Ang taong gumawa nito ay dapat mamatay."

"Kayo ang taong iyon!" Matapang na sinabi ni Natan.

Ang ginawa ni David ay mas masama pa kaysa sa ginawa ng taong mayaman.

Pinakita ng Panginoong Diyos kung gaano kalubha at masama ang ginawa ni David.

At sa huli, nagsisi si David ng kaniyang pagkakasala. Sinabi niya sa Panginoon: "Sa inyo ako nagkasala at gumawa ng kasamaang ito."

At pinatawad din naman siya ng Panginoon. Ngunit ang sanggol ni Batseba ay nagkasakit, at namatay nang ito'y isilang.

Pinatawad ng Panginoon si David sa kanyang pagkakasala.

Sa gayon muli sila'y nagkaroon ni Batseba ng sanggol, at pinangalanan siyang Solomon, at si Solomon ay naging mahusay na hari kasunod ng kanyang ama na si David.

Ngunit si haring David ay may iba pang mga anak, ang iba rito ay nagdulot ng kalungkutan sa kanyang buhay.

Si Haring David (Pangalawang Bahagi)

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

2 Samuel 1-12

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16